Alberta

Palabas na **balita**

# Ipinapakilala ang Huling Alternatibong Presiyo [Rate of Last Resort]

Setyembre 25, 2024 Mga katanungan sa media

## Ang pamahalaan ng Alberta ay tinutulungan ang mga Albertan na ikontrol ang kanilang mga opsyon sa kuryente at pinoprotektahan ang mga nagbabayad ng halaga ng Alberta mula sa mga pagtaas ng presyo ng kuryente.

“Ang Alberta ay may natatanging mapagkumpitensyang merkado ng kuryente, na nagbibigay sa mga Albertan ng kapangyarihan na pumili ng pinakamahusay na tagapagbigay ng enerhiya, plano, at opsyon sa pagbabayad upang umangkop sa kanilang mga pangangailangan. Maaaring bilhin ng mga mamimili ang kanilang kuryente mula sa higit sa 50 mapagkumpitensyang mangangalakal, na may pagpipilian ng alinman sa mga nakapirmi o pabagu-bagong halagang kontrata.

Ang mga Albertan na hindi pumirma ng isang mapagkumpitensyang kontrata ay awtomatikong nakatala sa Huling Alternatibong Presiyo mula sa kanilang lokal na tagapagbigay, na sa nakaraan ay mas mahal at pabagu-bago kaysa sa mga mapagkumpitensyang opsyon.

Ang pamahalaan ng Alberta ay kumikilos upang protektahan ang mga nagbabayad ng halaga ng Alberta at babaan ang mga singil sa palikurang-bayan sa pamamagitan ng pagtulong sa mga mamimili na mas mahusay na malaman ang kanilang mga mapagpipiliang enerhiya. Nakatakdang magkabisa ang mga bagong regulasyon at batas sa Enero 1, 2025, para tulungan ang mga Albertan na mas maunawaan ang kanilang mga opsyon sa enerhiya at hikayatin silang maghanap ng halaga na pinaka-angkop upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Pagsunod sa *Batas sa Pagbabago ng mga Batas sa Abot-kayang mga Palingkurang-bayan [Utilities Affordability Statutes Amendment Act], 2024*, ang hinihiling halaga ng kuryente ay pinapalitan ng pangalan mula sa Opsyon ng Kinkontrol na Halaga [Regulated Rate Option (RRO)] tungo sa Huling Alternatibong Presiyo [Rate of Last Resort (ROLR)]. Ang pagpapalit ng

pangalan ay mas mahusay na sumasalamin sa likas na katangian ng halagang binabayaran ng mga mamimili at ito ay bahagi ng patuloy na mga hakbangin sa kamalayan ng mamimili.

"Ang mga singil sa palingkurang-bayan ay maaaring gumawa o masira ang isang mahigpit na badyet kapag ang bawat lima sentimo [nickel] at sampung sentimo [dime] ay binibilang. Ang ating pamahalaan ay nagbibigay sa mga Albertan ang mga kagamitan na kailangan upang makatulong na makatipid ng higit ang kanilang pinaghirapang mga dolyar at gawing mas nalalaman ang kanilang mga buwanang gastos, habang pinoprotektahan ang mga pinaka-mahina laban sa biglaang pagtaas ng presiyo."

*Nathan Neudorf, Ministro ng Pagiging Abot-kaya at mga Palingkurang-bayan*

Upang matiyak na ang mga Albertan ay mas may kaalaman tungkol sa kanilang mga opsyon sa halaga ng kuryente, ang pamahalaan ng Alberta ay nagpasimula rin ng isang kinakailangan sa pagkumpirma ng halaga. Ang Tagapagtaguyod ng Mamimili ng mga Palingkurang-bayan [Utilities Consumer Advocate], sa ilalim ng Ministro ng Pagiging Abot-kaya at mga Palingkurang-bayan [Ministry of Affordability and Utilities], ay makikipag-ugnayan sa lahat ng mamimili sa Huling Alternatibong Presiyo tuwing 90 araw upang kumpirmahin kung gusto nilang manatili sa Huling Alternatibong Presiyo at hikayatin silang tuklasin ang kanilang mga opsyon. Ang mga tagapagbigay ng Huling Alternatibong Presiyo ay kailangang malinaw na ipahiwatig sa mga bayarin ng mga kostumer na sila ay nasa Huling Alternatibong Presiyo, ipaalam sa mga kostumer ang kanilang mga opsyon sa mapagkumpitensyang tingiang merkado, at magpabago ang mga tuntunin at mga kundisyon ng kanilang mga kasunduan sa serbisyo.

Gayunpaman, hindi lahat ng mga Albertan ay maaaring pumirma ng isang mapagkumpitensyang kontrata. Sa ilang mga kanayunang lugar, ang Huling Alternatibong Presiyo ay maaaring ang tanging opsyon ng mamimili para makatanggap ng kuryente. Ang masamang kredito o iba pang mga problema sa pananalapi ay maaari ring pagbawalan ang mga Albertan, kadalasang mga nakatatanda at iba pang mga mahihinang populasyon, na pumirma sa isang mapagkumpitensyang kontrata. Sa kasalukuyan, ang Huling Alternatibong Presiyo ay nag-iiba buwan-buwan batay sa mga presyo sa merkado at inaprubahan ng Komisyon ng mga Palingkurang-bayan ng Alberta, hindi ng pamahalaan. Upang protektahan ang mga mamimili na ito mula sa biglaan at pabagu-bagong pagtaas ng presiyo, ang Huling Alternatibong Presiyo ay itatakda bawat dalawang taon at maaari lamang baguhin ng pinakamataas na 10 porsyento sa pagitan ng 2 taong termino simula sa Enero 1, 2025. Sa pamamagitan ng mga bagong regulasyong ito, ginagawa ng pamahalaan ng Alberta ang Huling Alternatibong Presiyo na mas matatag at mahuhulaan para sa mga Albertan na hindi makapirma ng isang mapagkumpitensyang kontrata.

Hinihikayat ang mga Albertan na tuklasin ang kanilang mga opsyon at hanapin ang mapagkumpitensyang halaga na pinaka-angkop sa kanilang mga pangangailangan. Noong nakaraang taon, libu-libong mga sambahayan ang lumipat sa Huling Alternatibong Presiyo sa mga mapagkumpitensyang kontrata para sa mas abot-kayang opsyon. Ang mga Albertan na naghahanap ng tulong sa kanilang mga palingkurang-bayang bayarin o nakakaranas ng hindi pagkakaunawaan sa kanilang tagapagbigay ay dapat makipag-ugnayan sa Tagapagtaguyod ng Mamimili ng Palingkurang-bayan sa 310-4855 o sa pamamagitan ng kanilang website.

## Mga mabilis na katotohanan

- Ang mga Albertan ay may tatlong opsyon kapag bumibili ng kanilang kuryente at palingkurang-bayan ng natural gas: ang Huling Alternatibong Presiyo, isang mapagkumpitensyang kontrata para sa isang paiba-ibang halaga, o isang mapagkumpitensyang kontrata para sa isang nakapirming halaga.
    - Ang Huling Alternatibong Presiyo ay inaprubahan ng Komisyon ng Palingkurang-bayan ng Alberta [Alberta Utilities Commission (AUC)] at hindi tinutukoy ng pamahalaan. Matuto nang higit pa tungkol sa proseso ng pagtatakda ng halaga at kasalukuyang mga halaga sa website ng AUC.
- Humigit-kumulang 26 porsiyento ng mga residensyal na kostumer ang bumibili ng kuryente sa pamamagitan ng Huling Alternatibong Presiyo.
- Humigit-kumulang 29 porsiyento ng mga karapat-dapat na komersyal na kostumer at 40 porsiyento ng mga magsasakang kostumer ay bumibili ng kuryente sa pamamagitan ng Huling Alternatibong Presiyo.

## Kaugnay na impormasyon

- Tagapagtaguyod ng Mamimili ng Palingkurang-bayan
- Komisyon ng Palingkurang-bayan ng Alberta

## Mga Nauugnay na balita

- Ang mga halaga ng kuryente ay binawasan sa kalahati ng mga bagong panuntunan sa merkado (Setyembre 5, 2024)
- Sinusuportahan ng taga-alaga ng kuryente ang mga reporma sa merkado ng kuryente ng Alberta (Agosto 5, 2024)
- Pag-iwas sa pagtaas ng presiyo ng kuryente (Hunyo 26, 2024)

- Gawing mas abot-kaya ang mga palingkurang-bayang bayarin (Abril 22, 2024)
- Gawing mas abot-kaya ang kuryente (Abril 18, 2024)

## Mga katanungan sa media

### Ashley M Stevenson

587-357-2141
Kalihim ng Press, Ministro ng Pagiging Abot-kaya at mga Palingkurang-bayan